

Gabay para sa mga Tagapagbigay ng Maagang Pangangalaga at Edukasyon

Kamakailang mga Pagbabago:

12/8/20: Gumawa ng pagbabago para linawin kung kailan at paano mag-uulat ng 1 o 2 kaso ng sakit na COVID-19 sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan. Inaatasan ang mga lugar ng Maagang Pangangalaga at Edukasyon na abisuhan ang DPH sa lahat ng kumpirmadong sakit na COVID-19 sa hanay ng mga empleyado at bata na nanggaling na sa lugar sa anumang punto sa loob ng 14 na araw bago ang pagkakasakit. Ang pag-uulat ng 1 o 2 kumpirmadong kaso ay dapat na gawin sa pamamagitan ng email sa ACDC-Education@ph.lacounty.gov habang ang pag-uulat ng 3 o higit pang kumpirmadong kaso ay maaaring gawin sa pamamagitan ng email o telepono.

12/3/20: Binago ang dokumento bilang checklist (listahan) para pangasiwaan ang pagpapatupad ng mga inaatas at inirerekomendang hakbang para iwasan ang pagkalat ng COVID-19. Binago ang dokumento para isama ang kasalukuyang depinisyon ng “malapitang nakasalamuha” (close contact). Binago rin para palakasin ang mga kinakailangan (requirements) na may kaugnayan sa paggamit ng mga pantakip ng mukha at pisikal na pagdistansya sa hanay ng mga kawani sa panahon ng panandaliang pamamahinga (breaks) at kainan (meals).

Ang gabay na ito ay sumasalamin sa mga kasalukuyang kinakailangan na tumutukoy sa Nobyembre 28 na Pansamantalang Nakatuon sa Mas Ligas sa Tahanan na Utos ng Opisyal ng Kalusugan (Temporary Targeted Safer at Home Health Officer’s Order) na magkakabisa mula Nobyembre 30, 2020 hanggang Disyembre 20, 2020. Ang mga pagbabago at mga elementong ito na nililimitahan sa oras ay naka-highlight sa dilaw sa buong dokumento.

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County ay ipinagtitibay ang isang niyugtuang pamamaraan, suportado ng siyensya at kaekspertuhan sa pampublikong kalusugan, upang payagan ang ilang mga lugar ng pagdaraan na magsagawa ng personal na pagnenegosyo sa buong panahon ng pandemyang COVID-19. Ang mga kinakailangan sa ibaba ay partikular sa lahat ng mga programa, kabilang ang mga programa sa Maagang Pangangalaga at Edukasyon na mga Programa (Early Care and Education Programs o ECE). Ang mga lugar na ito ay pinahihintulutan na magbukas ng Utos ng Opisyal ng Estado sa Pampublikong Kalusugan. Dagdag pa sa mga kondisyong ipinataw ng Gobernador sa mga partikular na lugar ng pagdaraan na ito, ang mga uri ng mga negosyong ito ay dapat ring sumunod sa mga kondisyon na inilalag sa Checklist na ito. Ang mga lugar na lisensyado bilang mga Programa sa Maagang Pangangalaga at Edukasyon ay dapat ring sumunod sa gabay ng pampublikong kalusugan ng LA County para sa [mga programa ng ECE](#).

Mangyaring tandaan: Maaaring baguhin ang dokumentong ito habang may magagamit na karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan kung kaya’t regular na tingnan ang website ng La County <http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/> para sa anumang mga pagbabago sa dokumentong ito

Ang listahang (checklist) ito ay sumasaklaw sa:

- (1) Mga patakaran at kasanayan para protektahan ang kalusugan ng empleyado
- (2) Mga hakbang para matiyak ang pisikal na pagdistansya (physical distancing)
- (3) Mga hakbang para matiyak ang wastong pagkontrol ng impeksyon
- (4) Komunikasyon sa mga empleyado at publiko
- (5) Mga hakbang para matiyak ang pantay-pantay na akses (equitable access) sa mga kritikal na serbisyo

Ang limang pangunahin na aspetong ito ay dapat na matugunan habang binubuo ng iyong pasilidad ang anumang mga protokol sa muling pagbubukas.

Ang lahat ng mga Programa na saklaw ng patnubay na ito ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop sa Programa.

Pangalan ng
Programa:

Address ng
Pasilidad:

A. MGA PATAKARAN AT KASANAYAN SA LUGAR NG TRABAHO PARA PROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG EMPLEYADO (ITSEK ANG LAHAT NG NALALAPAT SA PASILIDAD)

- Ang lahat ng tao na kayang gawin sa bahay ang kanilang mga tungkulin sa trabaho ay inaatasan na gawin ito.
- Ang mga bulnerableng kawani (mga taong higit sa 65 ang edad, mga taong may malubhang kondisyon sa kalusugan) ay bibigyan ng trabaho na maaaring gawin sa bahay hangga't maaari.
- Ang mga proseso sa trabaho ay binago hangga't maaari upang paramihin ang mga oportunidad para sa mga empleyado na makapagtrabaho sa bahay. Isaalang-alang ang pag-aalok sa mga manggagawa, at boluntaryong kawani na humihiling ng mga binagong opsyon sa mga tungkulin na nakapagpapababa ng kanilang pakikisalamuha/kontak sa ibang mga tao (hal. mga tungkuling administratibo)
- Salit-salitan, halinhinan o shift na mga oras ng trabaho ay pinasimulan para mapakinabangan ang pisikal na pagdistansya.
- Ang lahat ng mga empleyado (kabilang ang bayad na kawani, at mga boluntaryo, sama-samang tinatawag na "mga empleyado") ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung may-sakit, o kung sila ay nalantad sa isang tao na may COVID-19. **Ipinagbigay-alam sa mga empleyado ang mga probisyon ng kasalukuyang Utos ng Opisyal ng Kalusugan na pinaghihigpitan ang mga pagtitipon sa labas ng trabaho at hindi hinihikayat ang paglalakbay at ang inaatas ng Estado na dalawang linggong pag-quarantine kasunod ng pagbiyahe sa labat ng estado (magdagdag ng link).** Naiintindihan ng mga empleyado na sumunod sa patnubay ng DPH para sa sariling pagbubukod at pag-quarantine, kung naaangkop. Ang mga patakaran para sa bakasyon sa trabaho ay sinuri na at binago para masiguro na ang mga empleyado ay hindi parurusahan kapag sila ay nanatili sa bahay dahil sa sakit.
- Kung naipaalam na isa o higit pang mga empleyado ay nasuring positibo, ang amo o employer ay may plano o protokol na isasaayos upang ang (mga) kaso ay maibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at mangailangan ng pag-quarantine sa sarili (self-quarantine) ang lahat ng mga empleyado na nagkaroon ng pagkakalantad sa (mga) kaso sa lugar ng trabaho (workplace). Kung may pagkakalantad sa impeksyon ng COVID-19 sa isang silid-aralan o sa loob ng isang grupo sa anumang onsite na lokasyon, ang lahat ng tao sa silid-aralan o pangkat sa panahon na naganap ang pagkakalantad, ay inuutusan na

mag-quarantine (quarantine). Ang plano ng amo o employer ay dapat na may isang protokol para sa lahat ng mga empleyado na nakabukod na magkaroon ng akses sa o masuri para sa COVID-19 nang sa gayon ay matukoy kung mayroon pang karagdagang mga pagkakalantad sa lugar ng trabaho, na maaaring kailanganin ng karagdagang mga hakbang sa pagkontrol ng COVID-19.

- ❑ Ang mga pagsusuri o screening sa sintomas ay isinasagawa bago pumasok sa lugar ng trabaho ang mga empleyado. Ang lugar o site ay dapat na sumunod sa gabay ng DPH sa [mga Landas ng Desisyon](#) para sa mga taong nasuring positibo para sa mga sintomas bago ang pagpasok sa institusyong pang-edukasyon o habang nasa institusyong pang-edukasyon. Dapat na kasama sa pagsusuri o screening ang isang pagtatanong tungkol sa mga sintomas na tumutukoy sa posibleng impeksyon ng COVID-19 na nakalista sa Landas ng Desisyon at kung ang empleyado ay nagkaroon ng pakikisalamuha o kontak sa isang tao na nahawaan ng COVID-19 sa huling 14 na araw. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang malayuan (remotely) o personal sa pagdating ng empleyado. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa. Inaatasan ang mga pasilidad na iulat ang lahat ng mga pagkakalantad sa COVID-19 sa pasilidad sa pagitan ng mga empleyado at mga bata sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa pamamagitan ng pagkumpleto sa [COVID-19 Listahan ng Linya ng Kaso at Kontak para sa Pang-edukasyong Sektor](#) sa loob ng 1 araw na may pasok ng pag-abiso ng kaso. Sa kaganapan na 3 o higit pang mga kaso ay natukoy sa loob ng lugar ng trabaho sa tagal na 14 na araw, ang amo o employer ay dapat agad na iulat ang kumpol na ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa pamamagitan ng pag-email sa ACDC-Education@ph.lacounty.gov o sa telepono sa 888) 397-3993 o (213) 240-7821.
- ❑ Bilang pagtupad sa UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN PARA SA PAGKONTROL NG COVID 19: TIER 1 MALAKING PAGTUGON SA PAGTAAS (NG KASO) na inilabas noong Nobyembre 28, 2020, ang lahat ng mga empleyado ay dapat na magsuot ng mga pantakip sa mukha sa lahat ng oras maliban kung nagtatrabaho mag-isa sa mga pribadong opisina na sarado ang mga pintuan o kapag kumakain o umiinom. Ang eksepsyon na ginawa noong nakaraan para sa mga empleyado na nagtatrabaho sa mga kubiko na may mga solidong partisyon na lumalagpas sa taas ng empleyado habang nakatayo ay napawalang bisa sa panahong epektibo ang pansamantalang utos, mula 12:01 AM (PST) sa Nobyembre 30, 2020 hanggang sa karagdagang abiso.
 - Ang mga kawani na nagtatrabaho sa mga batang bingi o hirap sa pagdinig, o mga batang natututo pa lamang magbasa, nag-aaral ng isang bagong wika, o para sa ilan pang kadahilanan ay kailangang makita ang wastong hugis ng bibig para sa paggawa ng naaangkop na tunog ng patinig, ay maaaring gumamit ng isang telang pantakip sa mukha na may malinaw na panel ng plastik. Para sa mga tagubilin sa paggamit ng mga pantakip sa mukha, tingnan ang [Gabay sa mga Telang Pantakip sa mukha](#).
- ❑ Para matiyak na ang mga maskara (masks) ay isinusuot nang tuloy-tuloy at tama, hindi hinihikayat ang mga empleyado na kumain o uminom maliban sa mga oras ng panandaliang pahinga (breaks) kapag nagagawa na nilang tanggalin nang ligtas ang kanilang mga maskara at pisikal na dumistansya mula sa ibang mga tao
 - Ang espasyo ay sagad na pinalalaki sa pagitan ng mga empleyado sa anumang espasyo na ginagamit ng mga empleyado para sa mga kainan at/o panandaliang pamamahinga. Tingnan ang “Mga Kainan” na seksyon sa ibaba para sa mga kinakailangan (requirements) na may kaugnayan sa ligtas na mga oras ng kainan.
- ❑ Ang mga kawani at mga magulang ay tinuruan sa naaangkop na paggamit ng pantakip sa mukha para sa mga bata bilang sumusunod:
 - Ang mga bata mula kapanganakan hanggang 24 na buwang gulang ay hindi dapat magsuot ng mga pantakip sa mukha.
 - Ang mga bata na 24 na buwang gulang hanggang sa 8 taong gulang ay dapat na gumamit ng mga pantakip sa mukha na may pangangasiwa ng nakatatanda para tiyakin na ang bata ay ligtas na

makakahinga at maiwasan ang pagkabulunan at pagkasakal.

- Ang mga batang may problema sa paghinga ay hindi dapat magsuot ng mga telang pantakip sa mukha.
- Ang mga empleyado na may pakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok, nang walang gagastusin, ng isang naaangkop na pantakip sa mukha na tumatakip sa ilong at bibig. Ang pantakip ay dapat na isuot ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga empleyado na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang pantakip sa mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela (drape) sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang maluwag na tela na akma sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may mga isang paraan balbula ay hindi dapat gamitin. Ang mga empleyado ay hindi kailangan magsuot ng isang pantakip sa mukha kapag ang empleyado ay mag-isa sa isang pribadong opisina o kubiko na may solidong partisyon o panghiwalay na lagpas sa taas ng empleyado kapag nakatayo.
- Ang mga empleyado ay inatasan na labhan o palitan araw-araw ang kanilang mga pantakip sa mukha (face covering).
- Ang mga empleyado ay inaalokan ng mga guwantes na gagamitin para sa mga gawain tulad ng pagsisilbi ng pagkain, pag-aasikaso ng basura, o paggamit ng mga produkto sa paglilinis at pagdidisimpekta.
- Ang mga empleyado ay inatasan na magpanatili ng hindi bababa sa anim (6) na talampakang pagdistansya mula sa mga bisita at mula sa isa't isa sa lahat ng mga lugar ng pasilidad kung kailanman magagawa. Maaaring panandalian lumapit ang mga empleyado kapag kailangan para tulungan ang mga bata, o kung kinakailangan.
- Ang mga banyo at iba pang mga karaniwang lugar ay dinidisimpekta nang madalas, sa sumusunod na panahon:
 - Mga banyo _____
 - Iba pa _____
- Ang mga pandisimpekta at iba pang kaugnay na gamit ay magagamit ng mga empleyado sa mga sumusunod na (mga) lokasyon:

- Ang mga hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 ay magagamit ng lahat ng empleyado sa mga sumusunod na (mga) lokasyon:

- Ang mga empleyado ay pinaaalalahanan na hugasan ang kanilang mga kamay nang madalas.
- Ang kopya ng protokol na ito ay naipamahagi na sa bawat empleyado.
- Hangga't magagawa, ang bawat manggagawa ay tinalagahan ng kanilang mga sariling kagamitan at inatasan na iwasan ang pagsasalo-salo ng mga telepono, tablet, two-way na radyo, iba pang mga gamit sa trabaho o kagamitan sa opisina saanman maaari. Sila rin ay inatasan na huwag kailanman maghiraman ng PPE.
- Kung saan ang mga bagay ay dapat na mapagsaluhan, ang mga ito ay dinidisimpekta gamit ang isang panlinis na naaangkop para sa ibabaw sa pagitan ng mga shift o paggamit, alinman dito ang mas madalas, kabilang ang mga sumusunod: pinagsasaluhang mga kagamitan sa opisina tulad ng mga tagakopya, mga fax machine, mga printer, mga telepono, mga keyboard, mga stapler, mga staple remover, pambukas ng sulat, mga ibabaw sa mga lugar ng tanggapan o reception areas, mga pinagsasaluhang estasyon ng trabaho, audio at video na kagamitan, walkie talkies atbp.
- Nagbibigay ng oras sa mga manggagawa para ipatupad ang mga kasanayan sa paglilinis sa kanilang trabaho. Ang mga pagtatalaga sa paglilinis ay itinatalaga sa mga oras ng trabaho bilang bahagi ng

tungkulin ng mga empleyado. Baguhin ang mga oras, kung kinakailangan, para masiguro ang regular, masinsinang paglilinis, kung naaangkop. Ang mga opsyon para sa mga ikatlong partidong kumpanya ng paglilinis ay kinuha para tumulong sa tumaas na pangangailangan sa paglilinis, kung kinakailangan.

- Subaybayan ang madalas na pagliban ng mga kawani at magkaroon ng talaan ng sinanay na mga kapalit na empleyado saanman magagamit.
- Ang lahat ng mga patakaran na inilarawan sa checklist na ito maliban sa mga may kaugnayan sa mga tuntunin ng trabaho ay nalalapat sa kawani ng pagdedeliber (delivery staff) at anumang iba pang mga kumpanya na maaaring nasa mga nasasakupang lugar bilang mga ikatlong partido.
- Opsyonal—Ilarawan ang iba pang mga hakbang:

B. MGA HAKBANG PARA MATIYAK ANG PISIKAL NA PAGDISTANSYA

PAGDATING AT PAG-ALIS

- Limitahan ang bilang ng mga tao sa pasilidad sa bilang na naaangkop para mapanatili ang pisikal na pagdidistansya.
- Kung ang mga transportasyong sasakyan (hal., mga bus) ay ginagamit ng programa, ang mga drayber ay dapat na isagawa ang lahat ng mga aksyon at protokol ng kaligtasan gaya ng itinukoy para sa iba pang kawani (hal., kalinisan ng kamay, mga telang pantakip sa mukha, at pisikal na pagdistansya).
 - Ang pisikal na pagdistansya sa mga transportasyong sasakyan ay dapat rin na pasimulan sa pamamagitan ng mga hakbang tulad ng pagkakaroon ng isang bata kada bus/upuan ng sasakyan o paggamit ng mga salit-salitang hilera.
 - Ang mga bintana ay pinananatiling bukas sa mga sasakyang panghatid, hanggang sa pinahihintulutan ng panahon at kaligtasan upang magtaguyod ng bentilasyon.
- Ang lahat ng mga bata na higit **24 na buwang gulang** at mga bisita ay dapat na magsuot ng mga telang pantakip sa mukha sa pagdating at pag-alis.
- Pababain o bawasan ang kontak sa pagitan ng kawani, mga bata at pamilya sa simula at katapusan ng araw.
- Isaayos ang lugar ng pagbababaan at pagsundo ng mga bata sa pasukan ng pasilidad, kung maaari, para limitahan ang bilang ng mga magulang at bisita na kailangang pumasok sa gusali.
- Ang mga oras at lokasyon sa pagdating at pagbaba ay ginawang halinhinan nang hindi pabago-bago upang hindi nagsasanhi ng mga hamon sa hindi inaasahang iskedyul para sa mga pamilya.
- Ang mga ruta para sa pagpasok at paglabas ay itinalaga, na gumagamit ng maraming pasukan kung magagawa.
 - Iba pang mga protokol ay ginagamit kung magagawa para limitahan ang direktang kontak sa hanay ng mga dumarating at umaalis na pamilya.
- Maglagay ng mga pisikal na gabay, gaya ng teyp sa mga sahig o bangketa at mga palatandaan sa mga pader, upang masiguro na ang mga kawani at mga bata ay nananatiling hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo sa mga pila at sa iba pang mga oras (hal., mga gabay para sa paglilikha ng mga “one-way na ruta” sa mga pasilyo, at mga pila sa oras ng pagsundo at pagbababa ng mga bata)

ESPASYO NG SILID-ARALAN

- Ang mga aktibidad ng pangangalagang pambata (childcare), panloob o panlabas man, ay dapat na isagawa sa mga matatag na grupo ng 12 o mas kaunti pa upang mapanatili ang pisikal na pagdistansya sa mga bata at sa pagitan ng mga bata at kawani (“matatag” o stable ay nangangahulugan na ang parehong 12 o mas kaunti pang mga bata ang nasa parehong grupo bawat araw).

- Kapag maaari, ang mga bata sa parehong sambahayan (hal. mga magkakapatid) ay nakagrupo nang magkakasama.
- Kung ang isang bata ay dapat na lisanin ang pasilidad para mag-quarantine at/o masuri dahil sa posibleng pagkakalantad, ang mga kapatid/iba pang mga bata mula sa parehong sambahayan ay lilisanin din ang pasilidad para mag-quarantine at/o masuri.
- Ang mga bata ay hindi lumilipat mula sa isang grupo papunta sa isa pang grupo.
- Kung higit sa isang grupo ng mga bata ang inaalagaan sa isang pasilidad, ang bawat grupo ay nananatili sa isang hiwalay na silid
 - Ang mga grupo ay hindi naghahalo-halo kasama ang isa't isa sa mga silid-aralan, panlabas na espasyo o anumang karaniwang espasyo sa loob ng pasilidad.
- Ang parehong maagang (mga) tagapagturo ay nananatiling para lamang sa iisang grupo ng mga bata.
- Kung ang pasilidad ay kinabibilangan ng anumang malalaking mga silid-aralan, ang mga silid na ito ay maaaring paghiwalayin sa mas maliliit na mga grupo, ang bawat isa ay nagsisilbi lamang sa 12 bata. Ang mga sumusunod na pag-iingat ay dapat na gawin kung ang mga silid ay hinati-hati:
 - Ang mga regulasyon pangsunog, pangkaligtasan at pangkapaligiran ay dapat na isaalang-alang sa pagkakupwesto ng mga pagkakahati.
 - Ang mga panghati ng silid ay dapat na umabot mula sa higang hanggang kisame at dapat na gawa sa walang mga butas na materyales na maaaring regular na disimpektahin.
 - Ang mga panghati ng silid ay dapat na ipuwesto sa paraan na sinasagad ang bentilasyon at daloy ng hangin para pahintulutan ang kontrol ng temperatura at pagtatanggal ng mga kontaminasyon.
 - Ang mga panghati ng silid ay dapat na matibay na nakakabit sa sahi sa paraan na binabawasan ang panganib ng pagkakadulas, pagkatisod, at pagbagsak.
 - Sa oras na nahati, ang bawat lugar ay dapat na mag-iwan ng sapat na espasyo para sa pisikal na pagdistansya (ito ay ang isang distansya na 6 na talampakan sa pagitan ng mga bata).
 - Ang mga nahating silid-aralan ay dapat na idisenyo nang sa gayon ang mga grupo ng mga bata ay maaaring pumasok at lumabas nang hindi dumadaan sa pangalawang grupo na binubuo ng hanggang 12 na bata. Kung may 2 pinto papasok sa silid-aralan, nirerekomenda na ang bawat grupo ng mga bata ay may dedikadong pinto na sila lamang ang gumagamit para pumasok at lumabas sa espasyo.
 - Isang ruta palabas (paraan ng paglabas) ay dapat na magamit ng mga bata sa bawat panig ng isang hinating silid. Ang bawat lugar ay dapat magkaroon ng isang tuloy-tuloy at hindi nagagambalang daanan mula sa anumang punto sa loob ng lugar papunta sa isang puwesto na ligtas. Dapat na magpaskil ng mga palatandaan sa mga panghati o malapit sa mga panghati na nagpapahiwatig ng mga daanan papunta sa mga labasan at ang paggamit ng mga daanan ito ay dapat na mapagsanayan sa mga pagsasanay ng ebakwasyon (evacuation drills) para masiguro ang kaligtasan sakaling may emerhensya.
- Muling isaayos ang mga silid-aralan para maglagay ng 6 na talampakan sa pagitan ng mga estasyon ng aktibidad, mga mesa, at mga upuan.
- Ang “circle time” (oras na nagtitipon-tipon nang pabilog ang mga bata para sa talakayan o aktibidad) at iba pang mga aktibidad na nakapagpapalapit nang sama-sama sa mga bata ay tinanggal na.
- Ang pagbabahagi ng mga laruan at materyales ay iniwasan.
 - Ang bawat bata ay gumagamit ng isang backpack o isang malaking Ziplock bag para sa mga indibidwal na materyales.
 - Ang bawat bata ay tinalagahan ng isang partikular na lagayan o iba pang lalagyan (container) para sa kanilang mga indibidwal na materyales, kasuotan at iba pang mga pag-aari.

- Sa oras ng pag-idlip (naptime), ilagay ang mga kuna/higaan na hindi bababa sa anim na talampakan ang layo at ipagsalit-salitan sila mula ulo hanggang paa
 - Kung ang 6 na talampakan ay hindi magagawa, inilagay ang mga kama/higaan nang malayo sa isa't isa hangga't posible at isinaayos mula ulo hanggang paa.
- Ang mga aktibidad sa silid-aralan na minomodelo at pinagtitibay ang mga kasanayan sa pisikal na pagdistansya ay binuo.
 - Gumagamit ng mga materyales para tulungan ang mga bata na mailarawan sa isip ang kinakailangang 6 na talampakang distansya sa pagitan ng mga tao, maglaro ng dula-dulaan na pinaaalalahanan ang mga bata at hikayatin sila na magpanatili ng 6 na talampakang layo, ipasuot ang kanilang mga pantakip sa mukha, atbp.
- Ginawang halinhinan ang mga panandaliang pamamahinga (breaks) at mga panlabas na aktibidad nang sa gayon ay walang 2 grupo ang nasa parehong lugar sa parehong oras.
- Ginagamit ang panlabas na espasyo hangga't maaari nang walang pakikihalubilo ng mga grupo para palawigin ang silid-aralan at gumawa ng higit pang espasyo para sa mga aktibidad.
- Ang mga aktibidad na pang-indibidwal tulad ng pagkukulay, pagpipinta, pagsasama-sama ng mga puzzle, paggamit ng mga bloke sa pagtatayo (building blocks) o iba pang mga aktibidad na gustong ginagawa ng mga bata nang mag-isa ay binigyang-diin.
 - Ang mga aktibidad pang-grupo na hindi kinasasangkutan ng pisikal na pakikisalamuha o kontak (mga laro ng pagpalakpak [clapping games], pagkukuwento) ay ginagamit para pahintulutan ang sosyalisasyon.

ESPASYO NA HINDI SILID-ARALAN

- Ang mga aktibidad ng pangangalagang pambata (childcare), panloob o panlabas man, ay dapat na isagawa sa mga grupo ng 12 o mas kaunti pa upang mapanatili ang pisikal na pagdistansya sa mga bata at sa pagitan ng mga bata at kawani ("matatag" o stable ay nangangahulugan na ang parehong 12 o mas kaunti pang mga bata ang nasa parehong grupo bawat araw).
- Ang lahat ng mga bisita at mga bata ay inaatasan na magsuot ng mga telang pantakip sa mukha habang nasa pasilidad o sa mga nasasakupang lugar nito, maliban kung natutulog, kumakain/umiinom, o nagsasagawa ng solong pisikal na pagpuwersa sa katawan (gaya ng pagja-jogging nang sarilinan) kung saan walang pagkakataon ng kontak/pakikisalamuha sa ibang tao. Ito ay nalalapat sa lahat ng mga adulto at sa mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga indibidwal lamang na inatasan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na huwag magsuot ng pantakip sa mukha ang hindi saklaw na magsuot nito. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado at mga bisita, ang isang pantakip sa mukha ay dapat na magamit ng mga bisita na dumarating na wala nito.
- Gumawa na ng mga hakbang para isagad ang espasyo sa pagitan ng indibidwal sa mga lugar ng upuan, mesa at kama.
 - **Ang espasyo ay isinasagad sa pagitan ng mga adulto sa anumang espasyo na ginagamit ng mga kawani para sa mga kainan o panandaliang pamamahinga. Ito ay naisalarawan na sa ibaba.**
- Dinisenyo ang mga aktibidad at ang mga kasangkapan ay isinaayos para panatilihin ang separasyon/paghihiwalay sa pagitan ng mga indibidwal at mga pangkat.
- Ang mga kawani ay nagbuo ng mga instruksyon para sa pagsasagad ng espasyo at mga paraan para mapababa ang panganib ng malapitang pakikisalamuha sa mga bata sa parehong panloob at panlabas na mga espasyo na madaling maintindihan ng mga bata at naaangkop sa pag-unlad sa pamamagitan ng paggamit ng mga tulong (aids) tulad ng mga marka sa sahig at palatandaan, mga kanta at laro.
- Naglagay ng mga paghihigpit sa mga hindi kinakailangang bisita, boluntaryo, at aktibidad na kinasasangkutan ng ibang mga grupo nang sabay-sabay.
- Naglagay ng mga paghihigpit sa mga sama-samang aktibidad kung saan praktikal. Kung hindi ito praktikal, gawing halinhinan ang paggamit, ang mga okupante ay inilagay na may hindi bababa sa 6 na

talampakan ang layo sa isa't isa, pinanatiling maliit at hindi pabago-bago ang mga grupo hangga't maaari. Dinidisingpekta sa pagitan ng mga paggamit ang mga espasyo na pangkaraniwang ginagamit.

- Gumagamit ng mga alternatibong espasyo hangga't kinakailangan para pahintulutan ang pisikal na pagdistansya sa lahat ng oras. kabilang ang regular na paggamit ng panlabas na espasyo, kung pinahihintulutan ng panahon. Halimbawa, ginagamit ang panlabas na espasyo, mga lugar ng kainan at iba pang mga espasyo para pahintulutan ang pisikal na pagdistansya habang pinapayagan ang mga bata na maging aktibo.
- Ang tipon-tipong paggalaw ay pinababa o binawasan hangga't praktikal. Halimbawa, ang mga pagdating at pag-alis ay isinaayos nang sa gayon ang pagtitipon-tipon ng mga magulang at mga bata ay naiiwasan.
- Nagsasagawa sa labas ng maraming aktibidad kasama ang mga bata hangga't maaari (ang lahat ng mga aktibidad ng fitness, pag-awit at pagkanta ay dapat lamang ganapin sa labas).

MGA KAINAN

- Hinihikayat ang mga magulang na ipadala sa mga bata ang kanilang sariling pagkain hangga't magagawa.
- Sinasanay ang pisikal na pagdistansya kapag kumakain ang mga bata.
- Ang mga oras ng kainan ay isinaayos upang ang bawat pangkat ng mga bata ay kumakain nang malayo mula sa iba pang mga pangkat. Ang salo-salong paggamit ng iisa, tipon-tipong silid ng kainan o kapiterya ay iniwasan. Ang kaligtasan ng mga bata na may alerhiya sa pagkain ay tiniyak.
- Ang mga kainan at panandaliang pamamahinga ng mga kawani ay isinaayos para pahintulutan ang pinakasagad na distansya habang tinatanggal ng mga indibidwal ang mga pantakip sa mukha para kumain sa pagsunod sa Utos ng Opisyal ng Kalusugan na nagbabawal sa mga pagtitipon ng mga indibidwal mula sa higit sa isang sambahayan.
 - Ang pag-okupa ay binawasan at ang espasyo sa pagitan ng mga empleyado ay sinasagad (maximized) sa anumang silid o lugar na ginagamit ng mga empleyado para sa kainan at/o panandaliang pagpapahinga. Ito ay nakamit na sa pamamagitan ng:
 - Pagpapaskil ng pinakamaraming pag-okupa (maximum occupancy) na hindi pabago-bago na may pagpapagana sa hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal sa mga silid o lugar na ginagamit para sa panandaliang pagpapahinga; at
 - Halinhinan sa panandaliang pagpapahinga (breaks) o oras ng pagkain para bawasan ang pag-okupa sa mga silid o lugar na ginagamit para sa kainan at panandaliang pagpapahinga; at
 - Paglalagay ng mga mesa na anim na talampakan ang layo at pagtitiyak ng anim na talampakan sa pagitan ng mga upuan, pagtanggap ng pagteteyp ng mga upuan para bawasan ang pag-okupa, paglalagay ng mga marka sa mga sahig para tiyakin ang pagdistansya, at pagsasaayos sa pagkakaupo sa paraan na binabawasan ang harapang kontak. Ang paggamit ng mga partiyon ay hinihikayat para lalong mapigilan ang pagkalat ngunit hindi dapat ituring na isang pamalit para sa pagbawas ng pag-okupa at pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya.
- Gumagamit ng mga patapon (disposable) na gamit sa pagkain (hal., mga kubyertos at mga plato). Kung ang mga patapon na gamit ay hindi maaari, siguruhin na ang lahat ng hindi patapon na gamit sa pagkain ay hinahawakan na naka-guwantes at hinugasan gamit ang sabong pang-plato at mainit na tubig o sa isang dishwasher. Ang mga indibidwal ay dapat na hugasan ang kanilang mga kamay pagkatapos na tanggalin ang mga guwantes o pagkatapos direktang panghawakan ang mga ginagamit na bagay sa pagkain.
- Kung ang pagkain ay inaalok sa anumang kaganapan, nagkakaloob ng mga pre-packaged na kahon o supot para sa bawat kalahok kaysa sa isang buffet o estilong pampamilyang kainan. Iwasan ang pagsasalosalo ng mga pagkain at kubyertos.

C. C. SUKAT PARA SA PAGKONTROL NG IMPEKSYON

- Alam ng mga kawani at mga pamilya ang mga pinahusay na kasanayan sa kalinisan, mga gabay sa pisikal na pagdidistansya at kanilang kahalagahan, wastong paggamit, pagtanggap at paglalaba ng mga telang pantakip sa mukha, mga kasanayan sa pagsusuri at COVID-19 partikular na kriterya sa pagbubukod.
 - Ang mga kawani ay partikular na nabigyang kaalaman at pinaaalalahanan sa pamamagitan ng karatula ng panganib na dahil sa pinagsasaluhang mga oras ng kainan at panandaliang pamamahinga. Ipinagbigay-alam sa mga kawani ang kahalagahan ng pagsunod sa mga kasalukuyang regulasyon na labas sa trabaho upang mapanatili ang kaligtasan sa lugar ng trabaho.
- Itinalaga ang isang kawani na magiging responsable para sa pagresponde sa mga alalahanin ng COVID-19. Ang lahat ng mga kawani ng pangangalagang pambata at mga pamilya ay dapat alam kung sino ang taong ito at kung paano sila kokontakin. Ang indibidwal na ito ay dapat na sinanay na mag-ayos sa pagdokumento at pagsusubaybay ng posibleng pagkakalantad, nang sa gayon ay maabisuhan ang mga kawani at pamilya sa isang maagap at responsableng pamamaraan. Ang taong ito ay responsable rin para sa pag-aabiso sa mga lokal na opisyal ng kalusugan tungkol sa lahat ng mga kaso ng COVID-19 sa pasilidad.
- Sapat na mga gamit sa mismong lugar para masuportahan ang magagandang asal sa kalinisan
 - Kabilang sa mga aytem na ito ang sabon, mga tisyu, hindi hinahawakan na basurahan at hand sanitizer na may hindi bababa sa 60 porsyentong ethyl na alkohol para sa mga kawani at sa mga bata na kayang ligtas na gamitin ang hand sanitizer
- Tinuruan ang mga bata ng mga sumusunod na hakbang sa personal na pamprotekta:
 - Regular na paghuhugas ng mga kamay bago at pagkatapos kumain; pagkatapos umubo o bumahing; pagkagaling sa labas; at pagkatapos na gumamit ng banyo.
 - Iwasang hawakan ang iyong mga mata, ilong, at bibig
 - Takpan ang mga pag-ubo at pagbahing
 - Gumamit ng tisyu para punasan ang iyong ilong at umubo/bumahing sa loob ng isang tisyu o sa iyong siko.
- Itinatag ang mga nakagawian na nakapagpapagana sa mga kawani at mga bata na regular na maghugas ng kanilang mga kamay na may halinhinang puwang.
- Ang mga bata at kawani ay tinuruan na maghugas ng kanilang mga kamay nang 20 segundo gamit ang sabon, maiging pagkukuskos pagkatapos ng aplikasyon, at gumamit ng mga tuwalyang papel (o isang gamitan na mga tuwalyang tela) para patuyuin nang maigi ang mga kamay.
- Ang mga kawani ay iminomodelo at isinasagawa ang paghuhugas ng kamay. Halimbawa, para sa mga mas nakababata, gamitin ang oras na pangbanyo bilang isang pagkakataon para mapatibay ang mga epektibong gawain at subaybayan ang wastong paghuhugas ng kamay.
- Ang mga bata at kawani ay gumagamit ng hand sanitizer kapag ang paghuhugas ng kamay ay hindi praktikal. Ang sanitizer ay dapat na ikuskos sa mga kamay hanggang ganap na matuyo. Tandaan: ang madalas na paghuhugas ng kamay ay mas epektibo kaysa sa paggamit ng mga hand sanitizer, lalo na kapag ang mga kamay ay nakikitang madumi.
 - Ang mga batang wala pang 9 na taong gulang ay dapat na gumamit ng hand sanitizer sa ilalim ng pangangasiwa ng matanda. Tawagan ang Pagkontrol ng Lason kung naisubo: 1-800-222-1222. Mas pinipili ang mga hand sanitizer na naka-base sa ethyl alkohol at dapat na gamitin kapag may malamang na hindi napangasiwang paggamit ng mga bata. Ang isopropyl na mga hand sanitizer ay mas nakakalason at maaaring sumipsip sa balat. Huwag gumamit ng anumang mga produkto na naglalaman ng methanol.
- Nagkaloob ng mga naililipat-lipat (portable) na estasyon sa paghuhugas ng kamay sa buong lugar para mabawasan ang paggalaw at pagtitipon-tipon sa mga banyo hangga't maaari.

- Ang paggamit sa mga bukal na inuman (drinking fountains) ay sinuspindi; at sa halip ay hinikayat ang paggamit ng mga bote ng tubig na paulit-ulit na magagamit.
- Ang madalas na mahawakang ibabaw tulad ng mga hawakan ng pinto, switch ng ilaw, hawakan ng lababo, ibabaw ng banyo, mesa pati na rin ang mga ibabaw sa mga transportasyong sasakyan ay nililinis nang minsan sa isang araw man lamang at mas madalas sa buong araw kung maaari.
- Nilimitahan ang paggamit ng mga napagsasaluhang kagamitan sa palaruan pabor sa mga pisikal na aktibidad na nangangailangan ng mas kaunting kontak sa mga ibabaw. Kapag ang mga napagsasaluhang kagamitan ay ginamit, sila ay nililinis at dinidisimpekta sa pagitan ng mga paggamit.
- Nilimitahan ang pagsasalo-salo ng mga bagay at kagamitan, tulad ng mga laruan, mga gamit ng laro at sining, kung hindi man ay linisin at idisimpekta sa pagitan ng mga paggamit.
- Ang paggamit ng mga napagsasaluhang laruan at minamanipula (kongkretong kagamitan na ginagamit sa pag-aaral) ay iniwasan.
 - Maramihang laruan at mga minamanipula na madaling linisin at disimpektahin ay ginagamit sa buong araw
 - O ang bawat bata ay may indibidwal na tinataakang lagayan na may mga laruan para sa kanilang sariling paggamit.
 - Ang mga laruan na mahirap linisin (hal. mga malalambot na laruan) alinman ay tinatanggal mula sa silid-aralan o maingat na sinusubaybayan para sa paggamit ng mga indibidwal na bata lamang.
- Kapag namimili ng mga produkto sa panglinis, gamitin ang mga aprubado para sa paggamit laban sa COVID-19 na nasa aprubadong listahan na “N” ng Environmental Protection Agency (EPA) at sundin ang mga instruksyon ng produkto. Ang mga produktong ito ay naglalaman ng mga sangkap na mas ligtas sa mga indibidwal na may hika.
- Pinili ang mga pandisimpekta na tinatakan na epektibo laban sa lumalabas na viral pathogens, sundin ang mga direksyon ng tatak para sa naaangkop na pagtitimpla at mga oras ng kontak. Binigyan ng pagsasanay ang mga empleyado tungkol sa mga panganib ng kemikal, mga instruksyon ng tagagawa, at ng mga kinakailangang ligtas na paggamit ng Cal/OSHA. ([CAL OSHA Safe Use of Disinfectants](#)).
- Ang mga kawani sa pag-iingat na may responsibilidad na maglinis at magdisimpekta ng lugar ay binigyan ng wastong Personal na Pamprotektang Kagamitan, kabilang ang mga guwantes, proteksyon sa mata, proteksyon sa palahingahan, at iba pang naaangkop na pamprotektang kagamitan gaya ng inaatas ng mga instruksyon ng produkto. Ang lahat ng mga produkto ay dapat na hindi maabot ng mga bata at nakatabi sa isang lugar na may nililimitahang akses.
- Ang mga lugar/espasyo na nalinis na ay pinahahanginan bago dumating ang mga bata at gumawa ng lubusang paglilinis kapag wala ang mga bata. Kung gumagamit ng aircon, gamitin ang setting na naghahatid ng sariwang hangin. Palitan at suriin nang regular ang mga panala ng hangin at mga sistema ng pagsala para masiguro ang pinakamabuting kalidad ng hangin.
- Kung ang pagbubukas ng mga bintana ay nagbabadya ng panganib sa kalusugan, gumagamit ng mga alternatibong estratehiya para sa pagpapabuti ng daloy ng hangin gaya ng pagsasagad ng pagsasala ng hangin sa sentro para sa mga sistema ng HVAC (ang dapat na rating ng filter ay hindi bababa sa MERV 13).
- Gumagawa ng mga hakbang para siguruhin na ang lahat ng mga sistema at tampok ng tubig (halimbawa, inuming bukal, bukal na pangdekorasyon [decorative fountains]) ay ligtas na gamitin pagkatapos ng matagal na pagsasara ng pasilidad upang mabawasan ang panganib ng impeksyon gaya ng sakit na Legionnaires.

SURIIN/PAGTINGIN SA MGA BATA

- Bilang karagdagan sa pagsusuri ng mga kawani kapag sila ay dumarating, ang lahat ng mga bata

ay dapat ring suriin sa pagdating sa pasilidad.

- Kasama sa pagsusuri o screening ang pagtsetsek sa nakikitang pagkamabuti (visual wellness checks) ng lahat ng mga bata sa pagdating; maaaring kabilangan ito ng pagkuha sa mga temperatura ng mga bata sa pagsisimula ng bawat araw gamit ang isang hindi hinahawakang termometro. Kung walang magagamit na isang hindi hinahawakang termometro, ang napaulat na pagtatasa ng temperatura ay katanggap-tanggap.
- Ang pasilidad ay sumusunod sa gabay ng DPH sa [Mga Landas ng Desisyon](#) para sa mga taong nasuri o na-screen na positibo para sa mga sintomas bago ang pagpasok sa institusyong pang-edukasyon o habang nasa institusyong pang-edukasyon. Tanungin ang lahat ng mga indibidwal tungkol sa mga sintomas sa loob ng huling 24 na oras at kung may sinuman sa kanilang tahanan ang may positibong pagsuri sa COVID-19. Ang mga pagsusuri sa sintomas ay isinasagawa rin bago ang mga bisita ay maaaring makapasok sa pasilidad. Ang mga pagsusuri ay dapat na kabilangan ng pagtatanong o check in tungkol sa mga sintomas na tumutukoy sa posibleng impeksyon ng COVID-19 na nakalista sa Landas ng Desisyon. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in o sa pamamagitan ng [karatula](#) na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga sintomas na ito ay hindi dapat pumasok sa lugar
- ❑ Hindi isinasama mula sa lugar/site ang sinumang anak, magulang, tagapag-alaga, o kawani na nagpapakita ng posibleng impeksyon ng COVID-19. Sinusubaybayan ang mga kawani at mga bata sa buong araw para sa mga palatandaan ng sakit; pinauuwi ang mga bata at mga kawani na may mga sintomas na tumutukoy sa posibleng impeksyon ng COVID-19 o ipinadadala ang mga nasabing tao sa naaangkop na medikal na pasilidad kaysa sa kanilang mga tahanan kung kinakailangan.
- ❑ Tinuruan ang mga kawani, mga bata at mga pamilya tungkol sa kung kailan sila dapat manatili sa bahay at kung kailan sila makakabalik sa pangangalagang pambata (childcare). Aktibong hikayatin ang mga kawani at mga bata na may sakit o ang mga nagkaroon ng kamakailang malapitang kontak sa isang taong may COVID-19 na manatili sa bahay.
- ❑ Tinuruan ang mga kawani at mga pamilya tungkol sa panganib ng mga pagsiklab at kahalagahan ng pagpapanatili ng mga ligtas na kasanayan, kabilang ang pag-iwas sa mga pagtitipon sa labas ng iisang sambahayan, na labas sa trabaho. Nakakatanggap ang mga bata ng edukasyon na angkop sa edad tungkol sa mga panganib at mga pinakamahuhusay na kasanayan para maiwasan rin ang panganib.

KUNG ANG MGA KAWANI O BATA AY NAGKASAKIT

- ❑ Tinukoy ang isang silid o lugar sa pagbubukod para ihiwalay agad ang isang tao na nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19.
- ❑ Ang mga telang pantakip sa mukha o isang surgical mask ay suot-suot ng mga bata kung sila ay higit na sa edad na **24 na buwan** at walang mga problema sa paglalagay o pagtatanggal ng maskara o walang mga isyu sa paghinga kapag may nakasuot na maskara.
- ❑ Ang sinumang bata o kawani na nagpapakita ng mga sintomas ay inaalagagan sa silid ng pagbubukod hangga't sila ay maaari nang ibyahe pauwi o sa isang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, sa lalong madaling panahon na praktikal.
- ❑ Nakapagtatag na ng mga paraan para sa ligtas na pagbibyahe sa sinumang may sakit papunta sa kanilang tahanan o sa isang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan tulad ng naaangkop. Tawagan ang 9-1-1 ng walang pagkaantala kung ang indibidwal ay nagkaroon ng nagpapatuloy na sakit o presyon sa dibdib, pagkalito, o mangasul-ngasul na labi o mukha.
- ❑ Tinitiyak ng lugar na sila ay may isa man lamang, ngunit mas mainam kung higit pa, na mga numero

ng kontak pang-emerhensya para sa bawat bata at kawaning tao upang matiyak ang agarang notipikasyon kung ang isang matanda o bata ay magkakaroon ng mga sintomas ng sakit.

- Pinayuhan ang mga may sakit na miyembro ng kawani at mga magulang ng mga batang may sakit na huwag bumalik sa lugar/site hangga't hindi nila natutugunan ang kriterya para bumalik sa pasilidad tulad ng binalangkas sa [Mga Landas ng Desisyon](#) para sa mga taong may sintomas sa isang institusyong pang-edukasyon.
- Inutusan ang mga kawani, mga bata o mga magulang na may malapitang kontak sa may sakit na indibidwal na manatili sa bahay hangga't hindi nila natutugunan ang kriterya para bumalik sa pasilidad tulad ng binalangkas sa [Mga Landas ng Desisyon](#) para sa mga nakasalamuha ng isang posibleng nahawaang bata sa isang institusyong pang-edukasyon.
- Sa oras na napagbigay-alam na ang isang miyembro ng kawani o isang bata ay nasuring positibo para sa COVID-19, ang pasilidad ay inutusan ang nahawaang tao na magbukod ng kanilang mga sarili sa bahay at utusan ang lahat ng taong nalantad sa nahawaang tao na mag-quarantine. Sa pagkakataong ito, kung ang pagkakalantad ay nangyari sa isang silid-aralan o pangkat, ang lahat ng mga kawani at mga bata na nasa silid-aralan o pangkat sa panahon na nakakahawa ay itinuturing na nalantad. Tingnan ang gabay sa pampublikong kalusugan sa pagbubukod (ph.lacounty.gov/covidisolation) at pag-quarantine (ph.lacounty.gov/covidquarantine) para sa karagdagang detalye.
- Ang mga lugar/site ay inatasan na abisuhan ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa lahat ng kumpirmadong sakit sa COVID-19 sa hanay ng mga empleyado at mga bata na naroon sa lugar/site sa anumang punto sa loob ng 14 na araw ng pagkakasakit. Ang simulang petsa ng pagkakasakit ay ang petsa ng pagsuri sa COVID-19 o ang Petsa sa Simula ng Sintomas (Symptom Onset Date) ng nahawaang tao, alinman ang mas maaga. Ang pag-uulat ng 1 o 2 kumpirmadong kaso ay dapat na gawin gamit ang email sa pamamagitan ng pagkumpleto sa [COVID-19 Listahan ng Linya ng Kaso at Kontak para sa Sektor na Pang-edukasyon](#) at pagpapadala nito sa ACDC-Education@ph.lacounty.gov sa loob ng 1 araw na may pasok ng pagkakaabiso ng kaso.
- Sa kaganapan na 3 o higit pang positibong kaso ng COVID-19 ay kinilala sa loob ng lugar ng trabaho sa tagal na 14 na araw, ang lugar/site ay dapat na agad iulat ang kumpol na ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa pamamagitan ng pag-email sa ACDC-Education@ph.lacounty.gov o sa pamamagitan ng telepono sa (888) 397-3993 o (213) 240-7821.
- Ang mga lugar na ginamit ng sinumang tao na may sakit ay isinara at hindi gagamitin bago ang paglilinis at pagdidisimpekta. Ang lugar/site ay maghihintay ng 24 na oras bago ang paglilinis o pagdidisimpekta. Kung hindi magagawa ang 24 na oras, maghintay hangga't maaari.
- Sinisiguro ng lugar/site ang isang ligtas at tamang paglalagay ng mga pandisimpekta gamit ang personal na pamprotektang kagamitan at bentilasyon na rekomendado para sa paglilinis. Ang mga produkto sa paglilinis at pagdidisimpekta ay inilalayo sa mga bata.
- Nalalaman ng lugar/site na sa panahon ng pagsiklab o isang malaking pagkakalantad, sa konsultasyon sa lokal na kagawaran ng pampublikong kalusugan, ang naaangkop na administrador ng pangangalagang pambata ay maaaring isaalang-alang kung ang pagsasara ay iniuutos at haba ng oras batay sa antas ng panganib sa loob ng partikular na komunidad:
 - o Kung ang programa ay sarado, ang mga kawani, mag-aaral, at kanilang mga pamilya ay hindi maaaring magplano ng mga alternatibong pagsasaayos para sa pagtitipon.

LIMITAHAN ANG PAGSASALO-SALO

- Nakahiwalay ang mga gamit ng bawat isang bata at nasa isang indibidwal na tinatakang pag-iimbak na lalagyan, kubiko o lugar. Ang mga gamit ay inuuwi bawat araw para linisin at disimpektahin.
- May sapat na nakatabing mga gamit sa silid-aralan para mabawasan o mapababa ang pagsasalosalo ng mga materyales na madalas na nahahawakan (mga gamit ng sining, kagamitan, atbp.)

hangga't praktikal. Kung ang mga supply ay limitado, ang mga materyales ay ginagamit ng iisang grupo ng mga bata sa isang panahon at nililinis at dinidisinpekta sa pagitan ng mga paggamit.

- Iniiwasan at hindi hinihikayat ang pagsasalo-salo ng mga elektronikong aparato, damit, laruan, libro at iba pang mga laro o pangtulong sa pag-aaral (learning aids) hangga't praktikal.

D. MGA HAKBANG NG KOMUNIKASYON SA PUBLIKO

- Naitatag na ang mga sistema sa komunikasyon na nagpapahintulot sa mga kawani at pamilya na iulat ng sarilinan ang mga sintomas at makatanggap ng mga maagap na abiso sa mga pagkakalantad at pagsasara, habang pinananatili ang pagka-kumpidensyal.
- Ang isang kopya ng protokol na ito ay ipinaskil sa lahat ng mga pampublikong pasukan sa pasilidad
- Ang mga palatandaan o sign ay nakapaskil sa lahat ng lugar na pinaaalalahanan ang mga tagapagturo at mga bata sa pangangailangan para sa pisikal na pagdidistansya at paggamit ng mga telang pantakip sa mukha.
- Ang mga palatandaan o sign ay nakapaskil na nag-aatas sa mga bisita na dapat silang manatili sa bahay kung may sakit na may mga sintomas sa palahingahan.
- Ang mga bilihan o outlet sa online ng establisyemento (website, social media, atbp.) ay nagkakaloob ng maliwanag na impormasyon tungkol sa pisikal na pagdidistansya, paggamit ng mga telang pantakip sa mukha at iba pang mga paksa.

E. MGA HAKBANG PARA MATIYAK ANG PANTAY NA AKSES SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- Ang mga serbisyo na kritikal sa mga bata ay binigyang prayoridad.
- Pinasimulan ang mga hakbang para siguruhin ang akses sa mga serbisyo para sa mga bata na may mga limitasyon sa pagkilos at/o nasa mataas na panganib sa mga pampublikong lugar.

Ang anumang mga karagdagang hakbang na hindi kabilang sa itaas ay dapat na nakalista sa mga hiwalay na pahina, na dapat ilakip ng negosyo sa dokumentong ito.

Maaari kang makipag-ugnayan sa sumusunod na tao para sa anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:

**Pangalan ng Kontak ng
Negosyo:**

Numero ng telepono:

Petsa na Huling Nirebisa:
